
NANG MATAKOT SI

# ROSA



ISANG KOMIKS UPANG TUMULONG SA MGA MIGRANTENG KABATAAN NA PAG-USAPAN ANG PANGAMBA.

BY VICKO ALVAREZ
TRANSLATED BY NAP PEMPEÑA

ScholaR COMICS

THIS COMIC IS FOR ALL THE CHILDREN WHO HAVEN'T FOUND THE WORDS TO DESCRIBE THEIR UNIQUE FEARS. I HOPE ROSITA CAN HELP.

A NOTE FOR ADULTS: THIS ZINE DISCUSSES THE TOPIC OF DEPORTATION WHICH MAY MAKE A CHILD UNCOMFORTABLE. IF YOU CAN, BE BY THEIR SIDE WHEN THEY READ THIS.

THIS BOOK HAS BEEN TRANSLATED FROM ENGLISH AND BASED ON A LATIN AMERICAN CHARACTER.

COPYRIGHT © JULY 2017
SCHOLAR COMICS
SCHOLARCOMICS.COM
FB.COM/SCHOLARCOMICS
@_LAVICKO
@LAVICKO






Maraming salamat sa pagbabasa sa kwento ni Rosa. Ang huling dalawang pahina ay para sa mga nagbabasa na matuto ng mga hakbang upang panatilihing ligtas ang mga tulad nina Mr. Vidal, Rosa at kanyang nanay. Kapag mas marami tayong alam tungkol sa imigrasyon at sa sitwasyon ng mga undocumented, mas kaunti ang ating takot.

Mahahalagang bokabularyo:

**Undocumented** - Lahat ng nakatira sa bansang ito ay dapat may dokumentong nagsasabing nakatira sila nandito nang ligál. Sinasabi nating undocumented ang sinumang walang ganitong dokumento. Maaaring maging sobrang hirap makakuha ng ganitong mga dokumento kaya maraming undocumented sa bansang ito.

**ICE** - O Immigration and Customs Enforcement. Sila ang mga taong nagpunta sa tirahan ni Rosa at kumuha kay Mr. Vidal. Sila ay iba sa karaniwang pulis dahil ang ICE ay dapat nagpapatupad lamang ng mga batas pang-imigrasyon.

**Deportasyon** - Ang deportasyon ay kapag pinapatalsik ng ICE officers ang mga undocumented palabas ng bansa. Minsan nalalaman natin kung kailan idedeport ng ICE ang mga tao, ngunit minsan hindi natin alam. Maraming nagsasabing di makatwiran ang deportasyon dahil dapat pahintulutan tayong manirahan kung saanman kailanganin natin o ng pamilya natin.

**Checkpoint** - Ang pulls o ICE officers ay nakapwesto minsan sa busy na kalye o kaya ay pumapasok sa tren/bus at nagtatanong sa mga tao kung sila ay ligál. Maaaring magtanong sila ng driver's license o maaaring magtanong lang sila ng "citizen ka ba ng U.S.?" Ang mga officers ay maaaring mang-aresto ng ibang tao kapag tingin nila ay undocumented ang mga taong ito. Ang mga checkpoints ay maaaring nakakabigla at maaaring gawing nerbyoso ang mga tao ngunit *di mo kailangang sagutin ang kanilang mga tanong.*

Ano ang magagawa natin?

Ang imigrasyon ay mahirap pag-usapan ngunit may mga bagay na maaaring gawin upang maging ligtás.

**Huwag buksan ang pinto:** Kung sa tingin mo ay may pulis o ICE officer sa labas ng bahay mo, di mo kailangang buksan ang pinto. Ang mga officers ay maaari lamang pumasok kapag may piraso sila ng papel na may salitang "warrant". Kailangan nilang ipakita ito bago pumasok. Maraming mga officers ang nagtatangkang pumasok nang wala ito ngunit bawal ito.

**Manatiling tahimik at huwag pumirma ng anuman:** Kapag kinausap ka ng officer, di mo kailangang magsabi ng anuman. Maaari silang magtanong tulad ng "ikaw ba ay legal resident" pero di ka dapat sumagot hangga't may kasama kang abogado. Maaari ring papirmahin ka o iyong pamilya ng mga dokumentong di mo naiintidihan. Huwag mong pirmahan ang mga ito at subukang kumausap sa isang abogado sa lalong madaling panahon.

**Kumuha ng litrato at notes:** Kapag may nakita kang hinahablot ng mga officer, subukang kunan ng litrato o video at, kung kaya, magtala ng notes tungkol sa itsura, pangalan o badge number ng officers. Baka masyadong maging mahirap gawin ito ngunit ito ay makakatulong ito nang husto para sa kapamilya o kapitbahay na nasa korte.

**Makipag-ugnayan sa komunidad:** May mga taong nagtatrabaho nang husto upang protektahan ang mga undocumented. Umugnay sa mga taong ito at siguraduhing mayroon kayong contact information nila.









Marami pa rin akong mga tanong. At natatakot pa rin ako. Pero masaya akong may coloring book ako para kumalma ako. Masaya akong may kaibigan akong handang making sa mga kwento ko. Masaya akong may nanay akong sumasagot ng mga tanong ko. At masaya akong may mga taong tumutulong panatilihing ligtas ako at ang nanay ko.

Masaya rin akong kainin ulit ang cake na 'to! Salamat sa pagbabasa ng aking kwento!

Paalam!



*Kapag ako ay takot, sobrang nakakatulong ang pag-kausap sa nanay ko. Tuwing gabi, kami ay umiinom ng mainit na tsokolate at nagtatanong ako sa kanya.*

**"Saan si Mr. Vidal? / Where is Mr. Vidal?"**

*- Ang sabi ni nanay ay bumalik na siya sa bansa niya.*

**" Bakit nila siya kinuha?/ Why did they take him?"**

*- Dahil daw undocumented siya. Wala siyang "papeles".*

**" Tayo ba ay walang papeles? / Are we undocumented?"**

*- Ang sabi niya, oo, pero marami daw ang taong tumu-tulong na tiyaking ligtas kami at tumutulong sa amin na makakuha ng papeles.*






Iguhit o isulat sa pahinang ito.









Minsan, kapag ako ay takót, ako daw ay di mapakali, sabi ni nanay. Di ko mapigilang mag-alala at mamilipit. Kapag ganito pakiramdam ko, nagkukulay ako at nilalaro ko ang aking fidget spinner.

Tara at magkulay tayo!






Salamat sa pakikinig! Di ko talaga sinasabi sa maraming tao ang tungkol sa nakakatakot kong kwento.
Minsan, kinuwentuhan ko ang aking kaibigan, si ScholaR.
Niyakap niya ako...medyo.
Nagkukwento ka ba sa mga tao kapag takót ka? I-drowing mo dito.







Nakita ako ng nanay ko, hinila niya ako bigla mula sa pinto at isinara ito!
Sabi niya, "Pumunta ka sa kwarto mo!" Nagpunta ako sa kwarto. Tapos, tumahimik ang lahat.
Tumingin ako sa labas ng bintana at nakita kong kinukuha si Mr. Vidal ng mga tao.
12
Di na bumalik si Mr. Vidal. At di ako nakalabas nang DALAWANG LINGGO matapos ang araw na yun. Sabi ng nanay ko, masyadong delikado daw. Di ko maintindihan kung bakit delikdo pero takot na takot ako. Sa palagay ko, hindi rin ipinanganak dito si Mr. Vidal kaya siya kinuha ng mga taong yun. Ayaw kong kunin nila ako o ang nanay ko. Natatakot ako... sobra...


Matapos ang araw na iyon, di ko na gustong maglaro.
Madalas akong mapagod.
At ayaw ko nang kumain ng cake.
Natakot ka na ba para sa pamilya mo? Ano ang mga bagay na nakakatakot para sa 'yo?
Kung gusto mo muna ng pahinga, ok lang. Take your time. Pero kung gusto mong tumuloy, ok lang din. Magandang pinag uusapan ang mga bagay ng kinatatakutan natin pero minsan, nakakasama ng pakiramdam. Di bale, magiging ok din ang lahat.




Ano ang pakiramdam ng katawan mo kapag takót ka o nag-aalala?
Masakit ang ulo
Nahihilo
Umiiyak
Mabilis ang tibok ng puso
Masakit ang tiyan
Pawís na mga kamay
Nanginginig ang braso at hita